Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

File

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG ABRIL 4, 2011, LUNES, SA GANAP NA IKA- 9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 143-T2011

## KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG DESISYON SA KASO-ADMINISTRATIBONG ISINAMPA NINA PUNONG BARANGAY JACINTO TENIDO AT KAGAWAD JOEY CHING KAY DATING KAGAWAD ROLANDO SALES NG BARANGAY SAN PABLO SUR NG BAYANG ITO.

**SAPAGKA'T,** inihain at napatalang Kaso-Administratibo Blg. 001-2010 ang reklamo nina Punong Barangay Jacinto Tenido at Kagawad Joey Ching laban kay dating Kagawad Rolando Sales ng Barangay San Pablo Sur na may petsa Hulyo 12, 2010, na katiwalian at apat na sunud-sunod na pagliban sa sesyon ng Sangguniang Barangay ;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kaso ay napaliwat at tinalakay ng Quasi-Judicial Body para sa pagdinig;

**SAPAGKA'T**, matapos ang mga nakaraang pagdinig base sa pagsasaalang-alang sa Kautusang Bayan Blg. 015-T'07 para sa tama at maayos na pagsunod sa panuntunan ukol sa aksyong pandisiplina sa mga opisyal ng barangay at ayon na rin sa mahusay at makatarungang pagpapasiya ng kabuuan ng Quasi-Judicial Body ay inirekomenda ng naturang lupon sa Sangguniang Bayan ang pagpapataw ng kaparusahang pangangaral (reprimand) laban sa nabanggit na Kagawad ng Barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Florencio C. Odejar at Serafin C. San Juan, Jr. at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang desisyon ng Kaso-Admininstratibong isinampa nina Punong Barangay Jacinto Tenido at Kagawad Joey Ching kay dating Kagawad Rolando Sales ng Barangay San Pablo Sur ng bayang, ayon sa :

## DESISYON

### I. PANGYAYARI

Noong Hulyo 12, 2010 ay naghain sa sangguniang ito ng kanilang sumbong sina Punong Barangay Jacinto J. Tenido at Kagawad Joey Ching laban kay Kag. Rolando S. Sales, pawang mga kasapi ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur, at ito'y napatalang Kaso Administratibo Blg. 01-T2010.

Sang-ayon sa salaysay ng mga nagrereklamo, si Kagawad Rolando Sales ay, sa ikalawang pagkakataon ay nakagalaw muli o nakagastos muli sa pera ng sedula ng barangay gayundin ay lumiban nang apat na sunud-sunod sa sesyon ng Sangguniang Barangay, dagdag pa ang hindi pagganap bilang Officer-of - the day.

Sa ganting salaysay ni Kag. Rolando Sales, kanyang ikinatwirang ilan sila na nagcedula na pare-parehong hindi nakapagbigay ng koleksyon sa Treasurer ng Barangay, na nakiusap na sa araw ng Martes kunin sa kanila ang pera, at iyon ay alam ng Tresurera. Bilang namumuno ng Lupon sa Pananalapi, isang programa ng Barangay ay ang Massive Campaign para sa CTC at OR, na sila ay binigyan ng karapatang magsedula ng Punong Barangay Jacinto Tenido. Sa sunud-sunod na pagliban sa sesyon, noong Mayo 1, 2010, nakatala na siya ay may paalam. Nagsabi siya sa Kalihim ng Barangay na hindi makakadalo sa pulong dahil sa ang kanyang asawa ay kanyang dinala sa ospital.

## II. OBSERBASYON / PAG-ARAL

Sa isinagawang summary proceeding / pagdinig sa usaping ito, napatunayan ang mga sumusunod:

1. Sa ginawang pagsesedula ni Kag. Rolando Sales, kasama ang Tresurera, hindi nai-remit ang pera sa Tresurera. Ito ay sa ikalawang pagkakataon na ginawa ni Kag. Rolando Sales na nakagalaw o nakagastos ng pera sa sedula. Matagal bago nai-remit iyon. Ngunit sa paghaharap ng dalawang panig, humingi ng paumanhin si Kag. Sales dahil inamin niya sa kanyang sarili na siya'y nagkamali.

   Binigyang-kapunahan din naman ng mga kasapi ng Quasi-Judicial Body ang pagpapahintulot ng Punong Barangay sa mga konsehal na maningil at humawak ng pera, gayung ang dapat humawak nito ay ang Tresurera ng barangay.

2. Sa akusasyon kay Kag. Rolando Sales na apat na sunud-sunod na pagliban sa sesyon ng Sang. Barangay, ang naging dahilan niya sa pagliban noong Mayo 1, 2010 ay kanyang dinala ang kanyang asawa sa ospital, subalit siya ay "nagpaalam" sa Kalihim ng barangay at ito'y nakatala sa katitikan ng pulong.

   Isinaalaang-alang ng dumidinig na Quasi-Judicial Body ang binanggit ni Punong Barangay Jacinto Tenido na kanyang pinadalhan ng liham si Kag. Rolando Sales upang ibigay ang kadahilanan ng kanyang pagliban sa sesyon nang walang paalam, ngunit ito ay hindi natugunan ng naturang kagawad at wala rin siyang naipakitang "medical certificate" na nagpapatunay ng araw nang kumunsulta sa doktor kasama ang kanyang asawa. Gayunpaman, sa mga hindi pagdalo ni Kag. Rolando Sales sa mga sesyon, siya ay kinakaltasan at nagbabayad ng kaukulang penalty.

## III. PASIYA

Sang-ayon sa inilatag na reklamo at sa mga isinumiteng dokumento, nakita ng bumubuo ng Quasi-Judicial Body na may pagkukulang sa bahagi ng inirereklamo. Dahilan sa wala na sa posisyon bilang kagawad ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur si Kagawad Rolando Sales, ang naging desisyon ay i-reprimand (pangaralan) ito.

1. Tungkol sa paggalaw o paggastos ng perang nakolekta para sa sedula.

   Bagamat nabayaran ni Kag. Rolando Sales ang halagang kanyang nagastos, nagawa ang kasalanan. May una nang naganap, at ito ay naulit pa. Ngunit sa ginawang pagsesedula, dapat ay ang Tresurera lamang ang kokolekta at hahawak ng pera; hindi dapat pahintulutan ang konsehal ng barangay.

2. Tungkol sa apat na sunud-sunod na pagliban sa sesyon.

   Walang anumang paliwanag na naibigay si Kag. Rolando Sales hinggil sa kanyang sunud-sunod na pagliban sa sensyon, sa kabila nang siya'y pinadalhan ng liham ng Punong Barangay Jacinto Tenido upang magpaliwanag. Sang-ayon sa Kodigo ng Pamahalaang Lokal, ang apat na sunud-sunod na di pagdalo sa sesyon ng barangay ay isang makatwirang batayan sa aksyong-pandisiplina.

Pinayuhan din ng Kag. Laarni A. Malibiran si Kag. Rolando Sales na pamalagiin ang pagbibigay ng respeto sa Punong Barangay bilang siya ang tumatayong pinakamataas "in terms of power and position" sa barangay. Na bagamat may mga pagkakataong hindi sumasang-ayon sa mga desisyon, ang respeto ay dapat ibigay sa Punong Barangay. Kailangan din ang pagsunod sa mga alituntuning pinag-uusapan sa barangay para hindi magkaroon ng conflict sa bandang huli.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, DILG, Punong Barangay Jacinto Tenido, Kagawad Joey Ching at dating Kagawad Rolando Sales, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Abril 4, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

**KGG. RAMON D. TAN**
Kagawad

**KGG. FLORENCIO C. ODEJAR**
Kagawad

**KGG. RIZALDY N. KALAW**
Kagawad

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Kagawad

**KGG. LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**KGG. JUN M. ASINAS**
Kagawad

**KGG. ROLANDO MOISES E. ACAPULCO**
Kagawad

**KGG. SERAFIN C. SAN JUAN, JR.**
Kagawad

**KGG. RONALD P. OBLIGACION**
Kagawad

**KGG. JOSE MAURO D. GABINETE**
Kagawad

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo